

Ang Bugtong na Anak ng Dios



Sa loob ng Kristianismo ay napakarami ng uri at klase ng pananampalataya na laganap sa iba't ibang sekta. May maling pananampalataya, may huwad na pananampalataya at mayroon ding tunay at dalisay na pananampalataya.

Alam natin na mayroon iisang pangalan lamang sa silong ng langit na sukat ikaliligtas ng tao. Ang pangalang iyan ay Jesucristo. Sa Mga Gawa 4:11–12 ay nakasulat,

“Si Jesus ay 'ang bato na itinakwil ninyong mga nagtayo ng bahay, na naging pangulo panulukang bato at sa kanino man ay walang kaligtasan: sapagka't walang ibang pangalan sa silong ng langit, na ibinigay sa mga tao, na sukat nating ikaligtas.”

Gayunpaman, mayroon pa ring lumalabas na mga huwad na Cristo, at mga anti-Cristo. May ilan ang naniniwala na si Jesus ay tao lamang, mayroon din naman nagsasabi na siya ay isang anghel (gaya ni Arkanghel Miguel o Michael); bagama't may ilan na naniniwalang bahagi siya ng Santisima Trinidad o isa sa tatlong persona ng pagka Dios; at may ilan din naman na hibang na itinuring ang sarili bilang ang Cristo o sila daw ang pumalit kay Cristo bilang anak ng Dios at kung ano't ano pa, at marami ang nahihikayat ng mga ito.

Mga kapatid, may iisa lamang na tunay at dalisay na pananampalataya na makapagliligtas sa ating lahat. Ang isang tunay at makapagliligtas na pananampalataya ay ang manalig sa Dios Ama at sa Kanyang bugtong na Anak na si Jesucristo na

Kanyang isinugo.

Mahal tayo ng Ama at may ginagawa Siyang plano para sa sangkatauhan. Personal Niyang isinugo ang Kanyang Anak na si Jesucristo upang maging tagapagligtas ng mundo. Masusi Niyang isinasagawa ang pagliligtas kasama si Jesus, at sa sinumang sumasampalataya ay ipinagkakaloob ang Kanyang Banal na Espiritu.

Si Jesus, ang Cristo, na Siyang isinugo ng Ama, upang paniwalaan Siya ninuman sa atin, ay kinakailangan na makilala natin Siya.

Kayo, gaano ninyo kakilala si Cristo? Ano ang pagkakakilala ninyo sa Kanya? Ating ngang talakayin at baybayin ang daan sa pagkilala sa Kanya. Pag-usapan natin ang mga sumusunod na katanungan upang mabigyan ng linaw ang ating paksa:

1. Sino si Cristo?

2. Sino si Cristo bago Siya naging tao?

3. Bakit itinakwil ng mga Hudyo si Jesucristo?

Sa nakararami, si Jesucristo ay isang hiwaga. Marami ang nag-aangkin na sila'y mga Kristiyano subali't di Siya lubusang kilala ng mga ito. Ngayon ay makikilala ninyo si Cristo ng higit kaysa dati. Ang pagkakakilanlan kay Cristo ay hindi isang hiwaga, ito ay malinawanag na nasasaad sa bawat pahina ng banal na kasulatan, ang Biblia. Ang karunungan ito ay mahalaga para sa ating kaligtasan.

Sino si Cristo?

Ang katagang "Cristo" ay isinalin mula sa orihinal na salitang Griego na 'Christos'. Ang 'Christos' ay hango sa Hebreong salita na 'Messiah' na ang kahulugan ay 'ang nag-iisang pinahiran o hinirang.' Sa Juan 1:41 ay mababasa natin:

'Una niyang nasumpungan ang kaniyang sariling kapatid na si Simon, at sa kaniya'y sinabi, Nasumpungan namin ang Mesias (na kung liliwanagin, ay ang Cristo).'

Ang salitang Cristo ay hindi apelyido ni Jesus, hindi gaya ng mga pangalan ng tao sa kasalukuyan na may kasamang apelyido o angkang kinabibilangan. Ang tao sa kasalukuyan ay nakikilala sa kani-kanilang apelyido o angkan.

Noong mga naunang panahon, ang tao ay napagkikilala sa lugar na kanilang pinagmulan, propesyon, katangiang pisikal o ang kanilang angkan na kinabibilangan at hindi apelyido na gaya ng nakasanayan sa ating panahon. Si Jesus ay kilala bilang Jesus ng Nazaret. Si Judas—ang nagkanulo kay Jesus—ay kilala sa kanyang lalawigan, 'Iscariot'. Si Jesus ay kilala rin sa tawag na 'Jesus na anak ni Jose na karpintero'. Tulad rin naman nina Santiago at Juan na kilalang mga anak ni Zebedee.

Sa papaanong paraan ang salitang Cristo ay ginamit sa kasulatan? Upang lubos na maunawaan kung ano ang kahulugan ng salitang 'Cristo', kailangan natin sumangguni sa propesiya na tumutukoy sa pagdating ng Mesias, o Cristo, pitong daang taon bago maipanganak si Jesus. Si propeta Isaias ang sumulat sa pagdating ng Mesias, sa Isaias 7:14,

“Kaya’t ang Panginoon nga ay magbibigay sa inyo ng tanda; narito, isang dalaga ay maglililihi, at manganganak ng isang lalake, at tatawagin ang kaniyang pangalan na Emmanuel.”

Ang Mesias o Cristo ay ang “Emmanuel” na ang kahulugan ay 'Ang Dios ay sumasaatin'. Kailangan Siya ay maipanganganak sa pamamagitan ng isang birhen—ising himala. Ang katuparan ng propesiyang ito ay nakatala sa aklat ni Mateo. Ang Cristo ay dumating sa mundo bilang si Jesus at kasunod nito tinawag Siya bilang si Jesus ng Nazaret. Mateo 1:16, *“At naging anak ni Jacob si*

Jose asawa ni Maria, na siyang nanganak kay Jesus, na siyang tinatawag na Cristo."

Si Jesus ay tinatawag rin bilang 'Emmanuel.'

Mateo 1:20-25, "Samantalang pinag-iisipan niya ito, narito, ang isang anghel ng Panginoon ay napakita sa kaniya sa panaginip, na nagsasabi: Jose, anak ni David, huwag kang mangamba sa pagtanggap kay Maria na iyong asawa: sapagka't ang kaniyang dinadala ay sa Espiritu Santo.

At siya'y manganganak ng isang lalake; at ang pangalang itatawag mo sa kaniya'y JESUS; sapagka't ililigtas niya ang kaniyang bayan sa kanilang mga kasalanan.

At nangyari nga ang lahat ng ito, upang maganap ang sinalita ng Panginoon sa pamamagitan ng propeta, na nagsasabi,

Narito, ang dalaga'y magdadalang-tao at manganganak ng isang lalake, At ang pangalang itatawag nila sa kaniya ay Emmanuel; na kung lilixwanagin, ay sumasa atin ang Dios.

At nagbangon si Jose sa kaniyang pagkakatulog, at ginawa niya ang ayon sa ipinagutos sa kaniya ng anghel ng Panginoon, at tinanggap ang kaniyang asawa;

At hindi nakilala siya hanggang sa maipanganak ang isang lalake: at tinawag niya ang kaniyang pangalang JESUS."

Ang Jesus ay pangalan na ang katumbas sa Hebreo ay 'Yeshua.' Ang 'Yeshua' ay nangangahulugan na "si Jehovah ang Tagapagligtas." Si Jesus ay ang Cristo, ang Mesias, ang Emmanuel. Samakatwid, Si Jesucristo ay tinutukoy bilang Ang Tagapagligtas, ang Anak ng Kataastaasang Dios. Ang pangalang 'Jesucristo' ay nangangahulugan na ang "Dios na bumaba mula sa

langit ay ang Mesias—ang Dios na sumasaatin—ang ating Tagapagligtas!

Ang Pag-iral Niya noong Una

Marami ang naguguluhan kung sino talaga si Jesucristo. Malinaw na inihayag ni Jesus ang payak na katotohanan hinggil sa Kanya sa mga pahina ng kasulatan.

Ang malaking tanong ay 'Si Cristo ba ay umiral na noon pa bago Siya naging tao?

Sa pakikipag-usap Niya kay Nicodemus sa Juan 3:12-21 ay ganito ang mababasa natin:

“Kung sinabi ko sa inyo ang mga bagay na nauukol sa lupa at hindi ninyo pinaniniwalaan, paanong paniniwalaan ninyo kung sabihin ko sa inyo ang mga bagay na nauukol sa langit?”

At walang umakyat sa langit, kundi ang nanggaling sa langit, sa makatuwid baka’y ang Anak ng tao, na nasa langit.

At kung paanong itinaas ni Moises sa ilang ang ahas, ay gayon kinakailangang itaas ang Anak ng tao;

Upang ang sinomang sumampalataya ay magkaroon sa kaniya ng buhay na walang hanggan.

Sapagka’t gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya’y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.

Sapagka’t hindi sinugo ng Dios ang Anak sa sanglibutan upang hatulan ang sanglibutan; kundi upang ang sanglibutan ay maligtas sa pamamagitan niya.

Ang sumasampalataya sa kaniya ay hindi hinahatulan; ang hindi sumasampalataya ay hinatulan na, sapagka't hindi siya sumampalataya sa pangalan ng bugtong na Anak ng Dios.

At ito ang kahatulan, na naparito ang ilaw sa sanglibutan, at inibig pa ng mga tao ang kadiliman kay sa ilaw; sapagka't masasama ang kanilang mga gawa.

Sapagka't ang bawa't isa na gumagawa ng masama ay napopoot sa ilaw, at hindi lumalapit sa ilaw, upang huwag masaway ang kaniyang mga gawa.

Datapuwa't ang gumagawa ng katotohanan ay lumalapit sa ilaw, upang mahayag na ang kaniyang mga gawa ay ginawa sa Dios."

Tahasang ipinahahayag ni Jesus ang sarili bilang ang banal na Anak ng Dios. Walang pasubali, sinabi Niya na Siya ay nagmula sa langit at isinugo ng Ama.

Ang banal na kasulatan ay nagpapatunay at sumasaksi na si Jesus ay ang Anak ng Dios Ama. Kapwa Sila umiral bago pa man magsimula ang lahat ng mga bagay. Ang Anak ay sinasabing nasa tabi ng Ama at Kanyang natutunan ang lahat mula sa Ama.

At ang Anak ay isinugo ng Ama upang maging tagapagligtas ng mundo. Kaya ito ay naisulat sa ebanghelyo ni Juan.

Juan 3:16, "Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan."

Hinubad Niya ang Kanyang pagka-Dios, nag-anyong alipin at nakitulad sa mga tao. Siya ay si Jesus, ang Cristo.

Filipos 2:6-11, "Na siya, bagama't nasa anyong Dios, ay hindi niya inaring isang bagay na nararapat panangnan

ang pagkapantay niya sa Dios,

Kundi bagkus hinubad niya ito, at naganyong alipin, na nakitulad sa mga tao:

At palibhasa’y nasumpungan sa anyong tao, siya’y nagpakababa sa kaniyang sarili, na nagmasunurin hanggang sa kamatayan, oo, sa kamatayan sa krus.

Kaya siya naman ay pinakadakila ng Dios, at siya’y binigyan ng pangalang lalo sa lahat ng pangalan;

Upang sa pangalan ni Jesus ay iluhod ang lahat ng tuhod, ng nangasa langit, at ng nangasa ibabaw ng lupa, at ng nangasa ilalim ng lupa,

At upang ipahayag ng lahat ng mga dila na si Jesucristo ay Panginoon, sa ikaluluwalhati ng Dios Ama.”

At sa Hebreo 2:14-17, “Dahil sa ang mga anak ay mga may bahagi sa laman at dugo, siya nama’y gayon ding nakabahagi sa mga ito; upang sa pamamagitan ng kamatayan ay kaniyang malipol yaong may paghahari sa kamatayan, sa makatuwid ay ang diablo:

At mailigtas silang lahat na dahil sa takot sa kamatayan ay napasailalim ng pagkaalipin sa buong buhay nila.

Sapagka’t tunay na hindi niya tinutulungan ang mga anghel, kundi tinutulungan niya ang binhi ni Abraham.

Kaya’t nararapat sa kaniya na sa lahat ng mga bagay ay matulad sa kaniyang mga kapatid, upang maging isang dakilang saserdoteng maawain at tapat sa mga bagay na nauukol sa Dios, upang gumatwa ng pangpalubag-loob patungkol sa mga kasalanan ng bayan.”

Si Jesus mismo ang nagsabing Siya ay Anak ng Dios. Mababasa natin ito sa mga sumusunod na talata ng kasulatan:

- Juan 5:17-47 (Relasyon ng Dios Ama at ng Anak)
- Juan 6:44-47 (Ang Gawain ng Ama)
- Juan 8:12-32 (Si Jesus ang Anak ng Dios)
- Juan 17:1-26 (Panalangin ni Jesus sa Ama)

Juan 5:17-47: Relasyon ng Dios Ama at ng Anak

“Sinagot sila ni Jesus, Hanggang ngayo’y gumagawa ang aking Ama, at ako’y gumagawa.

Dahil dito nga’y lalo nang pinagsikapan ng mga Judio na siya’y patayin, sapagka’t hindi lamang sinira ang araw ng sabbath, kundi tinatawag din naman na kaniyang sariling Ama ang Dios, na siya’y nakikipantay sa Dios.

Sumagot si Jesus at sinabi sa kanila, “Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Hindi makagagawa ang Anak ng anoman sa kaniyang sarili kundi ang makita niyang gawin ng Ama; sapagka’t ang lahat ng mga bagay na kaniyang ginagawa, ay ang mga ito rin naman ang ginagawa ng Anak sa gayon ding paraan.

Sapagka’t sinisinta ng Ama ang Anak, at sa kaniya’y ipinakikita ang lahat ng mga bagay na kaniyang ginagawa: at lalong dakilang mga gawa kay sa mga ito ang sa kaniya’y ipakikita niya, upang kayo’y magsipanggilalas.

Sapagka’t kung paanong ibinabangon ng Ama ang mga patay at sila’y binubuhay, gayon din naman binubuhay ng Anak ang kaniyang mga ibigin.

Sapagka’t ang Ama’y hindi humahatol sa kanino mang tao, kundi ipinagkaloob niya sa Anak ang buong paghatol;

Upang papurihan ng lahat ang Anak, na gaya rin ng

kanilang pagpapapuri sa Ama. Ang hindi nagpapapuri sa Anak ay hindi nagpapapuri sa Ama na sa kaniya'y nagsugo.

Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang dumirinig ng aking salita, at sumasampalataya sa kaniya na nagsugo sa akin, ay may buhay na walang hanggan, at hindi mapapasok sa paghatol, kundi lumipat na sa kabuhayan mula sa kamatayan.

Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Dumarating ang panahon, at ngayon nga, na maririnig ng mga patay ang tinig ng Anak ng Dios; at ang makarinig ay mangabubuhay.

Sapagka't kung paanong ang Ama ay may buhay sa kaniyang sarili, ay gayon din namang pinagkalooban niya ang Anak na magkaroon ng buhay sa kaniyang sarili:

At binigyan niya siya ng kapamahalaang makahatol, sapagka't siya'y anak ng tao.

Huwag ninyong ipanggilalas ito: sapagka't dumarating ang oras, na ang lahat ng nasa libingan ay makaririnig ng kaniyang tinig,

At magsisilabas; ang mga nagsigawa ng mabuti, ay sa pagkabuhay na maguli sa buhay; at ang mga nagsigawa ng masama, ay sa pagkabuhay na maguli sa paghatol.

Hindi ako makagagawa ng anoman sa aking sarili: humahatol ako ayon sa aking naririnig: at ang paghatol ko'y matuwid; sapagka't hindi ko pinaghahanap ang aking sariling kalooban, kundi ang kalooban niyaong nagsugo sa akin.

Kung ako'y nagpapatotoo sa aking sarili, ang patotoo ko ay hindi katotohanan.

Iba ang nagpapatotoo sa akin; at talastas ko na ang

patotoong isinasaksi niya sa akin ay totoo.

Kayo'y nangagsugo kay Juan, at siya'y nagpatotoo sa katotohanan.

Datapuwa't ang patotoo ay hindi mula sa tao: gayon ma'y sinasabi ko ang ang mga bagay na ito, upang kayo'y maligtas.

Siya ang ilawang nagniningas at lumiliwanag; at inibig ninyong kayo'y magkatuwang sumandali sa kaniyang liwanag.

Datapuwa't ang aking pagpapatotoo ay lalong dakila kay sa kay Juan; sapagka't ang mga gawang ibinigay sa akin ng aking Ama upang ganapin, ang gayon ding mga gatwa na aking ginagawa, ay nagpapatotoo tungkol sa akin, na ako'y sinugo ng Ama.

At ang Ama na nagsugo sa akin, ay siyang nagpatotoo tungkol sa akin. Kailan ma'y hindi ninyo narinig ang kaniyang tinig, ni hindi man ninyo nakita ang kaniyang anyo.

At kayo'y walang salita niya na nananatili sa inyo: sapagka't hindi kayo nagsisisampalataya sa kaniyang sinugo.

Saliksikin ninyo ang mga kasulatan, sapagka't iniisip ninyo na sa mga yaon ay mayroon kayong buhay na walang hanggan; at ang mga ito'y siyang nagpapatotoo tungkol sa akin.

At ayaw kayong magsilapit sa akin, upang kayo'y magkaroon ng buhay.

Hindi ako tumatanggap ng kaluwalhatian mula sa mga tao.

Datapuwa't nakikilala ko kayo, na kayo'y walang pagibig

ng Dios sa inyong sarili.

Naparito ako sa pangalan ng aking Ama, at ayaw ninyo akong tanggapin: kung iba ang pumarito sa kaniyang sariling pangalan, ay siya ninyong tatanggapin.

Paanong kayo'y makapananampalataya, kayong nangagtatanggapin sa isa't isa ng kaluwalhatian at hindi ninyo pinaghahanap ang kaluwalhatianang nanggagaling sa tanging Dios?

Huwag ninyong isiping ako ang sa inyo'y magsusumbong sa Ama: may isang magsusumbong sa inyo, sa makatuwid baga'y si Moises, yaong pinaglagakan ninyo ng inyong pagasa.

Sapagka't kung kayo'y nagsisisampalataya kay Moises, ay magsisisampalataya kayo sa akin; sapagka't tungkol sa akin siya'y sumulat.

Nguni't kung hindi kayo nagsisipaniwala sa kaniyang mga sulat, ay paanong magsisisampalataya kayo sa aking mga salita?"

Juan 6:44-47: Gawain ng Ama

"Walang taong makalalapit sa akin, maliban nang ang Amang nagsugo sa akin ang sa kaniya'y magdala sa akin; at siya'y aking ibabangon sa huling araw.

Nasusulat sa mga propeta, At tuturuan silang lahat ng Dios. Ang bawa't nakarinig sa Ama, at natuto, ay lumalapit sa akin.

Hindi sa ang sinoma'y nakakita sa Ama, kundi yaong nanggaling sa Dios, siya ang nakakita sa Ama.

Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang sumasampalataya ay may buhay na walang hanggan."

Juan 8:12-32: Si Jesus ang Anak ng Dios

“Muli ngang nagsalita sa kanila si Jesus, na sinasabi, Ako ang ilaw ng sanglibutan: ang sumusunod sa akin ay hindi lalakad sa kadiliman, kundi magkakaroon ng ilaw ng kabuhayan.

Sinabi nga sa kaniya ng mga Fariseo, Nagpapatotoo ka sa iyong sarili; hindi totoo ang patotoo mo.

Sumagot si Jesus at sa kanila’y sinabi, Bagama’t ako’y nagpapatotoo sa akin din, ay totoo ang aking patotoo; sapagka’t nalalaman ko kung saan ako nanggaling, at kung saan ako paroroon; datapuwa’t hindi ninyo nalalaman kung saan ako nanggaling, o kung saan ako paroroon.

Nagsisihatol kayo ayon sa laman; ako’y hindi humahatol sa kanino mang tao.

Oo, at kung ako’y humahatol, ang hatol ko’y totoo; sapagka’t hindi ako nagiisa, kundi ako at ang Ama na nagsugo sa akin.

Oo, at sa inyong kautusan ay nasusulat, na ang patotoo ng dalawang tao ay totoo.

Ako ang nagpapatotoo sa akin din, at ang Amang nagsugo sa akin ay nagpapatotoo sa akin.

Sa kaniya nga’y kanilang sinabi, Saan naroroon ang iyong Ama? Sumagot si Jesus, Hindi ninyo nakikilala ako, ni ang aking Ama: kung ako’y inyong makilala, ay makikilala rin ninyo ang aking Ama.

Sinalita niya ang mga salitang ito sa dakong kabangyaman, nang nagtuturo siya sa templo: at walang taong humuli sa kaniya; sapagka’t hindi pa dumarating ang kaniyang oras.

Muli ngang sinabi niya sa kanila, Yayaon ako, at ako’y

inyong hahanapin, at mangamamatay kayo sa inyong kasalanan: sa aking paroroonan, ay hindi kayo makaparoroon.

Sinabi nga ng mga Judio, Siya kaya'y magpapakamatay, sapagka't kaniyang sinabi, Sa aking paroroonan, ay hindi kayo mangakaparoroon.

At sa kanila'y kaniyang sinabi, Kayo'y mga taga ibaba; ako'y taga itaas: kayo'y mga taga sanglibutang ito; ako'y hindi taga sanglibutang ito.

Sinabi ko nga sa inyo, na kayo'y mangamamatay sa inyong mga kasalanan: sapagka't malibang kayo'y magsisampalataya na ako nga ang Cristo, ay mangamamatay kayo sa inyong mga kasalanan.

Sa kaniya nga'y kanilang sinabi, Sino ka baga? Sinabi sa kanila ni Jesus, Siya rin na sinalita ko sa inyo mula pa nang una.

Mayroon akong maraming bagay na sasalitain at hahatulan tungkol sa inyo: gayon pa man ang nagsugo sa akin ay totoo; at ang mga bagay na sa kaniya'y aking narinig, ang mga ito ang sinasalita ko sa sanglibutan.

Hindi nila napagunawa na tungkol sa Ama ang kaniyang sinasalita sa kanila.

Sinabi nga ni Jesus, Kung maitaas na ninyo ang Anak ng tao, saka ninyo makikilala na ako nga ang Cristo, at wala akong ginagawa sa aking sarili, kundi sinalita ko ang mga bagay na ito, ayon sa itinuro sa akin ng Ama.

At ang nagsugo sa akin ay sumasa akin; hindi niya ako binayaang nag-iisa; sapagka't ginagawa kong lagi ang mga bagay na sa kaniya'y nakalulugod.

Samantalang sinasalita niya ang mga bagay na ito, ay maraming nagsisampalataya sa kaniya.

Sinabi nga ni Jesus sa mga Judiong yaon na nagsisisampalataya sa kaniya, Kung kayo'y magsisipanatili sa aking salita, kung magkagayo'y tunay nga kayong mga alagad ko;

At inyong makikilala ang katotohanan, at ang katotohana'y magpapalaya sa inyo."

Juan 17:1-26: Ang Panalangin ni Jesus sa Kaniyang Ama

"Ang mga bagay na ito ay sinalita ni Jesus; at sa pagtingala ng kaniyang mga mata sa langit, ay sinabi niya, Ama, dumating na ang oras; luwalhatiin mo ang iyong Anak, upang ikaw ay luwalhatiin ng Anak:

Gaya ng ibinigay mo sa kaniya ang kapamahalaan sa lahat ng laman, upang bigyan niya ng buhay na walang hanggan ang lahat ng ibinigay mo sa kaniya.

At ito ang buhay na walang hanggan, na ikaw ay makilala nila na iisang Dios na tunay, at siyang iyong sinugo, sa makaturwid baga'y si Jesucristo.

Niluwalhati kita sa lupa, pagkaganap ko ng gawa na ipinagawa mo sa akin.

At ngayon, Ama, luwalhatiin mo ako sa iyo rin ng kaluwalhatiang aking tinamo sa iyo bago ang sanglibutan ay naging gayon.

Ipinahayag ko ang iyong pangalan sa mga tao na ibinigay mo sa akin mula sa sanglibutan: sila'y iyo, at sila'y ibinigay mo sa akin; at tinupad nila ang iyong salita.

Ngayon ay nakilala nila na ang lahat ng mga bagay na sa akin ay ibinigay mo ay mula sa iyo:

Sapagka't ang mga salitang sa akin ay ibinigay mo ay ibinigay ko sa kanila; at kanilang tinanggap, at nakilala

nilang tunay na nagbuhat ako sa iyo, at nagsipaniwalang ikaw ang nagsugo sa akin.

Idinadalangin ko sila: hindi ang sanglibutan ang idinadalangin ko, kundi yaong mga sa akin ay ibinigay mo; sapagka't sila'y iyo:

At ang lahat ng mga bagay ay iyo, at ang mga iyo ay akin: at ako'y lumuluwalhati sa kanila.

At wala na ako sa sanglibutan, at ang mga ito ay nasa sanglibutan, at ako'y paririyang sa iyo. Amang Banal, ingatan mo sila sa iyong pangalan yaong mga ibinigay mo sa akin, upang sila'y maging isa, na gaya naman natin.

Samantalang ako'y sumasa kanila, ay iningatan ko sila sa iyong pangalan yaong mga ibinigay mo sa akin: at sila'y binantayan ko, at isa man sa kanila'y walang napahamak, kundi ang anak ng kapahamakan; upang matupad ang kasulatan.

Nguni't ngayon ay napaririyang ako sa iyo; at sinasalita ko ang mga bagay na ito sa sanglibutan, upang sila'y magtamo ng aking kagalakang ganap sa kanila rin.

Ibinigay ko sa kanila ang iyong salita: at kinapootan sila ng sanglibutan, sapagka't hindi sila taga sanglibutan, gaya ko naman na hindi taga sanglibutan.

Hindi ko idinadalangin na alisin mo sila sa sanglibutan, kundi ingatan mo sila mula sa masama.

Hindi sila taga sanglibutan, na gaya ko naman na hindi taga sanglibutan.

Pakabalanin mo sila sa katotohanan: ang salita mo'y katotohanan.

Kung paanong ako'y iyong sinugo sa sanglibutan, sila'y gayon ding sinusugo ko sa sanglibutan.

At dahil sa kanila'y pinabanal ko ang aking sarili, upang sila naman ay magpakabanal sa katotohanan.

Hindi lamang sila ang idinadalangin ko, kundi sila rin naman na mga nagsisisampalataya sa akin sa pamamagitan ng kanilang salita;

Upang silang lahat ay maging isa; na gaya mo, Ama, sa akin, at ako'y sa iyo, na sila nama'y sumatahin: upang ang sanglibutan ay sumampalataya na ako'y sinugo mo.

At ang kaluwalhatian sa akin'y ibinigay mo ay ibinigay ko sa kanila; upang sila'y maging isa, na gaya naman natin na iisa;

Ako'y sa kanila, at ikaw ay sa akin, upang sila'y malubos sa pagkakaisa; upang makilala ng sanglibutan na ikaw ang sa akin ay nagsugo, at sila'y iyong inibig, na gaya ko na inibig mo.

Ama, yaong mga ibinigay mo sa akin ay ibig ko kung saan ako naroroon, sila naman ay dumoon kasama ko, upang makita nila ang kaluwalhatian ko, na ibinigay mo sa akin: sapagka't ako'y iyong inibig bago natatag ang sanglibutan.

Oh Amang banal, hindi ka nakikilala ng sanglibutan, nguni't nakikilala kita; at nakikilala ng mga ito na ikaw ang nagsugo sa akin;

At ipinakilala ko sa kanila ang iyong pangalan, at ipakilala ko; upang ang pagibig na sa akin ay iniibig mo ay mapasa kanila, at ako'y sa kanila."

Sino nga ba itong Anak ng Dios?

Ngayon ay alam na natin na si Jesucristo ay ang Anak ng Dios na kasa-kasama ng Ama bago pa Siya bumaba sa lupa. Ang mga alagad ay kinilala Siya bilang Dios na lumikha ng lahat ng mga

bagay. Basahin natin ang mga sumusunod na patotoo sa tunay Niyang kalagayan bilang Dios.

Colosas 1:15-18, *“Na siya ang larawan ng Dios na di nakikita, ang panganay ng lahat ng mga nilalang;*

Sapagka't sa kaniya nilalang ang lahat na mga bagay, sa sangkalangitan at sa sangkalupaan, na mga bagay na nakikita at ang mga bagay na di nakikita, maging mga luklukan o mga pagsakop o mga pamunuan o mga kapangyarihan; lahat ng mga bagay ay nilalang sa pamamagitan niya at ukol sa kaniya;

At siya'y una sa lahat ng mga bagay, at ang lahat ng mga bagay ay nangabubuhay dahil sa kaniya.

At siya ang ulo ng katawan, sa makatutwid baga'y ng iglesia; na siya ang pasimula, ang panganay sa mga patay; upang sa lahat ng mga bagay, ay magkaroon siya ng kadakilaan.”

1 Corinto 8:6, *“Nguni't sa ganang atin ay may isang Dios lamang, ang Ama, na buhat sa kaniya ang lahat ng mga bagay, at tayo'y sa kaniya; at isa lamang Panginoon, si Jesucristo, na sa pamamagitan niya ang lahat ng mga bagay, at tayo'y sa pamamagitan niya.”*

Ang Cristo ay ang Anak ng Dios, ang Dios na may likha ng lahat ng mga bagay, nanggaling siya sa kalangitan at nanahan siya sa lupa kasama ng mga tao bilang si Jesus ng Nazaret.

Ang Hindi Pagtanggap Kay Cristo

Nauunawaan ng mga Judio ang pag-angkin ni Jesus bilang Cristo. Alam din nila ang sinasabi ni Jesus, ang pahayag Niyang Siya ay ang mismong Anak ng Dios na nagmula sa langit. Subali't hindi ito katanggap-tanggap sa mga Judio. Inakusahan nila si

Jesus ng paglapastangan, isa lamang tao na nag-papanggap na Dios, ang gayon para sa kanila ay nararapat lang na hatulan ng kamatayan.

Juan 10:24-33, "Nilibot nga siya ng mga Judio, at sa kaniya'y sinabi, Hanggang kailan mo pa бага pagaalinlanganin kami? Kung ikaw ang Cristo, ay sabihin mong maliwanag sa amin.

Sinagot sila ni Jesus, Sinabi ko sa inyo, at hindi kayo nagsisampalataya: ang mga gawang ginagawa ko sa pangalan ng aking Ama, ay siyang nagpapatotoo sa akin.

Datapuwa't hindi kayo nagsisampalataya, sapagka't hindi kayo aking mga tupa.

Dinirinig ng aking mga tupa ang aking tinig, at sila'y aking nakikilala, at sila'y nagsisisunod sa akin:

At sila'y binibigyan ko ng walang hanggang buhay; at kailan ma'y hindi sila malilipol, at hindi sila aagawin ng sinoman sa aking kamay.

Ang aking Ama, na sa kanila ay nagbigay sa akin, ay lalong dakila kay sa lahat; at hindi sila maaagaw ninoman sa kamay ng Ama.

Ako at ang Ama ay iisa.

Nagsidampot uli ng mga bato ang mga Judio upang siya'y batuhin.

Sinagot sila ni Jesus, Maraming mabubuting gawa na mula sa Ama ang ipinakita ko sa inyo; alin sa mga gawang yaon ang ibinabato ninyo sa akin?

Sinagot siya ng mga Judio, Hindi dahil sa mabuting gawa ay binabato ka namin, kundi sa pamumusong; at sapagka't ikaw, bagaman ikaw ay tao, ay nagpapakunwari kang Dios."

Sa isa pang pangyayari na nakatala sa Marcos 14:60-64, ang mataas na saserdote ay tinanong si Jesus. Ang punong pari ay nagtanong: *“ikaw ba ang Cristo, ang Anak ng Pinagpala?”* *“Ako nga,”* sabi ni Jesus. *Nang marinig ang sagot, ang mataas na saserdote ay pinunit ang kanyang damit bilang tanda ng pagdadalamhati at malalim pagsisisi at inaakusahan si Jesus ng kalapastanganan para sa pag-angkin at ituring ang sarili bilang Dios.*

Ang mga Judio ay may paniniwala na may iisa lamang na Dios at walang katulad Niya. Sa Deuteronomio 6:4-5 ay ating mababasa: *“ang Panginoon ay isa at bukod sa Kanya ay walang iba.”* Gaya rin ng nasa Isaias 45:5-6. Naniniwala sila na ang Dios ay walang anak. Sa mga kadahilanang ito, di nila tinatanggap si Jesus bilang ang Cristo—ang Dios na nagkatawang-tao—at hinangad nila na patayin Siya. Sila ay nagtagumpay na maipako sa krus ang Panginoon ng kaluwalhatian.

Ang mga Judio ay naniniwalang si Jesus ay isang tao lamang. Hindi sila naniniwalang si Jesus ay Anak ng Dios. Ikaw ba ay isa sa mga naniniwala na si Jesucristo ay isang tao lamang tulad ng paniniwala ng mga Judio noon?

Mayroong mga samahan na nagsasabing si Jesus ay isang tao lamang. Dapat nating alamin kung ito ay tama o mali. Kung si Jesus ay isang tao lamang, siya ay nararapat ngang mamatay. Kung siya ay isang tao lamang, ang mga Judio ay tama, at tayo ay walang Tagapagligtas.

Ang Apat na Pagsubok

Walang misteryo tungkol sa kalikasan ni Cristo sapagkat inihayag ito ng Dios sa Kanyang iglesia sa kasulatan.

Efeso 3:2-6, “Kung tunay na inyong narinig yaong pagiging katiwala sa biyaya ng Dios na sa akin ay ibinigay sa ikagagaling ninyo;

Kung paanong sa pahayag ay ipinakilala sa akin ang hiwaga, gaya ng isinulat ko nang una sa ilang salita.

Sa pamamagitan non, sa pagbasa ninyo, ay inyong malalaman ang aking pagkakilala sa hiwaga ni Cristo;

Na nang ibang panahon ay hindi ipinakilala sa mga anak ng mga tao, na gaya ngayon na ipinahayag sa kaniyang mga banal na apostol at propeta sa Espiritu;

Na ang mga Gentil ay mga tagapagmana, at mga kasangkap ng katawan, at mga may bahagi sa pangako na kay Cristo Jesus sa pamamagitan ng evangelio,"

Dito sa ***Church of God International*** (CGI), naniniwala kami na ang Dios ay isang pamilya. Ang pamilya ng Dios ay binubuo ng dalawa. Ang Dios Ama at si Jesus, ang Cristo, ang Anak. Gayunpaman, naniniwala kami ayon na rin sa kasulatan na ang mga maliligtas kalaunan ay isisilang sa banal na pamilya ng Dios bilang mga anak na lalaki at anak na babae ng Kataas-taasang Dios.

May apat [4] paraan ng pagsubok para mapatunayan ang katangian at kalikasan ni Cristo. Ang mga ito ay:

1. Paano naunawaan ng mga Fariseo ang pahayag ni Jesus bilang Anak ng Dios?
2. Paano naunawaan ng mga Apostol ang relasyon ng Dios Ama at ni Jesus, at ang likas na katangian ng Dios?
3. Paano naunawaan ni Jesus ang banal na kaugnayan niya sa Dios Ama?
4. Ang Patotoo ng Dios Ama.

Paano naunawaan ng mga Fariseo ang pag-angkin ni Jesus bilang Anak ng Dios?

Ang Juan 5 ay ikinukuwento ang tungkol sa isang lalaking lumpo sa loob ng tatlumpo't walong (38) taon. Si Jesus ay pinagaling siya sa araw ng Sabbath at sinabi sa kanya na buhatin ang kanyang banig at lumakad. Masusundan natin ang kuwento sa mga talata 9-19.

“At pagdaka’y gumaling ang lalake, at binuhat ang kaniyang higaan at lumakad. Noon nga’y araw ng sabbath.

Kaya sinabi ng mga Judio sa kaniya na pinagaling, Ito’y araw ng sabbath, at hindi matuwid na buhatin mo ang iyong higaan.

Nguni’t sila’y sinagot niya, Ang nagpagaling sa akin, ang siya ring sa akin ay nagsabi, Buhatin mo ang iyong higaan, at lumakad ka.

Tinanong nila siya, Sino ang taong sa iyo’y nagsabi, Buhatin mo ang iyong higaan, at lumakad ka?

Nguni’t hindi nakikilala ng pinagaling kung sino siya; sapagka’t si Jesus ay humiwalay, palibhasa’y may isang karamihan sa dakong yaon.

Pagkatapos ay nasumpungan siya ni Jesus sa templo, at sa kaniya’y sinabi, Narito, ikaw ay gumaling na: huwag ka nang magkasala, baka mangyari pa sa iyo ang lalong masama.

Umalis ang tao, at sinaysay sa mga Judio na si Jesus ang sa kaniya’y nagpagaling.

At dahil dito’y pinag-usig ng mga Judio si Jesus, sapagka’t ginagawa niya ang mga bagay na ito sa araw ng sabbath.

Datapuwa’t sinagot sila ni Jesus, Hanggang ngayo’y

gumagawa ang aking Ama, at ako'y gumagawa.

Dahil dito nga'y lalo nang pinagsikapan ng mga Judio na siya'y patayin, sapagka't hindi lamang sinira ang araw ng sabbath, kundi tinatawag din naman na kaniyang sariling Ama ang Dios, na siya'y nakikipantay sa Dios.

Sumagot nga si Jesus at sinabi sa kanila, Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Hindi makagagawa ang Anak ng anoman sa kaniyang sarili kundi ang makita niyang gatwin ng Ama; sapagka't ang lahat ng mga bagay na kaniyang ginagawa, ay ang mga ito rin naman ang ginagawa ng Anak sa gayon ding paraan."

Ang mga Fariseo ay gustong patayin si Jesus dahil para sa kanila ay inaangkin niyang kapantay niya ang Dios.

Sa Juan 10:24-33, sa salaysay na ito, si Jesus ay pinaratangan ng kapusungan, nagpapanggap na Siya'y Dios.

"At niyao'y kapistahan ng pagtatalaga sa Jerusalem:

Noo'y tagginaw; at naglalakad si Jesus sa templo sa portico ni Salomon.

Nilibot nga siya ng mga Judio, at sa kaniya'y sinabi, Hanggang kailan mo pa бага pagaalinlanganin kami? Kung ikaw ang Cristo, ay sabihin mong maliwanag sa amin.

Sinagot sila ni Jesus, Sinabi ko sa inyo, at hindi kayo nagsisampalataya: ang mga gawang ginagawa ko sa pangalan ng aking Ama, ay siyang nagpapatotoo sa akin.

Datapuwa't hindi kayo nagsisampalataya, sapagka't hindi kayo sa aking mga tupa.

Dinirinig ng aking mga tupa ang aking tinig, at sila'y aking nakikilala, at sila'y nagsisisunod sa akin:

At sila'y binibigyan ko ng walang hanggang buhay; at

kailan ma'y hindi sila malilipol, at hindi sila aagawin ng sinoman sa aking kamay.

Ang aking Ama, na sa kanila ay nagbigay sa akin, ay lalong dakila kay sa lahat; at hindi sila maaagaw ninoman sa kamay ng Ama.

Ako at ang Ama ay iisa.

Nagsidampot uli ng mga bato ang mga Judio upang siya'y batuhin.

Sinagot sila ni Jesus, Maraming mabubuting gawa na mula sa Ama ang ipinakita ko sa inyo; alin sa mga gawang yaon ang ibinabato ninyo sa akin?

Sinagot siya ng mga Judio, Hindi dahil sa mabuting gawa ay binabato ka namin, kundi sa pamumusong; at sapagka't ikaw, bagaman ikaw ay tao, ay nagpapakunwari kang Dios."

Ang mga Fariseo, Saduceo at ang *tradisyunal* na mga Judio ay naunawaan nang lubos kung ano ang ibig sabihin ni Jesus at ang kaniyang paglalahad kung sino Siya. Walang anumang pag-aalinlangan sa kanilang isipan na malinaw na ang sinasabi ni Jesus ay Siya ay Dios, bagaman at malinaw naman na ang kaniyang sinasabi na siya ay "Anak ng Dios." Ang mga Judio ay di tanggap ang pahayag na ito ni Jesus. Ang maliwanag na dahilan ay sapagka't ayon sa pananampalataya ng mga Judio, mayroon lamang nag-iisang Dios [Deuteronomio 6:4] at ang Dios ay walang anak. Para sa kanila ang pahayag ni Jesus ay isang malaking panloloko, na Siya ay isang makasalanan at lapastangan. Dahil dito nais nila na Siya ay mamatay.

Ating pagtuunan ng pansin ang Marcos 14:60-64. Nakasulat dito na si Jesus ay dinala nila sa harapan ni Caifas, ang punong saserdote. Deretsahang tinanong si Jesus, "*Ikaw ba ang Cristo, ang*

anak ng Nag-iisang Pinagpala?"

May ilang maaaring isagot si Jesus sa kanilang tanong na ito. Alalahanin natin na Siya ay dugo't pawis na nananalangin sa Halamanan ng Getsemani, at nakikiusap sa Ama na kung maaari ay huwag nang uminom pa sa saro ng pagdurusa. Na kung maaari ay huwag na Niyang danasin pa ang pagdurusa at malupit na kamatayan. Ang kahilingan Niya ay hindi pinahintulutan.

Ang mga posibleng sagot na maaaring itugon ni Jesus sa punong saserdote ay:

1. ***Hindi! Hindi ako Anak ng Dios.*** Ako ay simpleng tao, isang propetang tulad ni Moises, o Elias, o Jeremias, si Juan Bautista o ako po ang arkanghel na si Michael. Isa man sa mga ito ay maaaring maging sagot ni Jesus. Subali't hindi iyon ang kanyang tugon. Sa sagot na ito, marahil, ang Sanhedrin ay hindi pa hahangarin na ipapatay siya.

2. ***Oo, Ako ang Cristo. Ang anak ng Bukod na Pinagpala.*** Ito ang sumasang-ayong tugon ni Jesus (Marcos 14:60-64). Itong paglalantad na ito hinggil sa Kanyang pagiging Anak ng Dios ang naging dahilan ng paghatol sa Kanya ng kamatayan. Sinabi ni Jesus ang buong katotohanan, ang tunay Niyang kalagayan bilang Anak ng Kataas-taasang Dios. Siya ay may isang Ama at ang Ama ay lalong dakila kaysa sa Kanya. At siya ay dumating upang gawin ang kalooban ng Ama. Anumang kakulangan sa malinaw na sagot na ito ay maituturing na isang maling paglalarawan, at alam natin na imposible na si Jesus ay magsinungaling.

Malinaw na naunawaan ng mga Judio ang mga sinabi ni Cristo tungkol sa Kanyang pagiging Anak at ang kaugnayan Niya sa Dios Ama. Ayaw lamang nilang tanggapin ang katotohanan, na para sa kanila ay isang kasinungalingan. Hanggang ngayon, ang katotohanang ito ay patuloy na hindi tinatanggap ng mga

Unitarians at mga Trinitarians.

Paano naunawaan ng mga Apostol ang kaugnayan ni Jesus at ang Dios Ama?

Sa Mateo 16:13-20 mababasa natin ang isang kagiliw-giliw na salaysay. Naiisip ba ninyo kung bakit si Jesus ay nagtanong sa kanyang mga alagad ng ganito: *“Sino sa palagay ninyo Ako?”*

Ano ba ang layunin ng tanong na ito? Maging ang mga alagad na bagaman at matagal niyang kasama, ay nais pa rin ni Jesus na malaman kung ano talaga ang nalalaman nila at gaano Siya kakilala ng mga ito, kung sino Siya at ano ang Kanyang kaugnayan sa Dios Ama. Ang tanong na ito ay nakahabi gaya ng isang tanong sa isang pagsusulit. Kasabay nito, ito rin ay nagbibigay ng pagkakataon para maipaliwanag Niya ang sarili sa mga alagad.

Basahin natin ang kuwento sa Mateo 16:13-20. Ang mga ordinaryong tao ay hindi kilala si Jesus. Para sa kanila Siya ay isang simpleng tao lamang gaya ni Moises, Elias, si Jeremias o ng iba pang mga propeta. Kahit ngayon, maraming sekta pa rin ang patuloy sa paggigiit na si Jesus ay isang tao lamang o gaya ng isang anghel, nang hindi nila napagtatanto na sa ganito ay tuwiran nilang hindi tinatanggap ang mismong katotohanan kung sino talaga si Jesucristo sa salaysay na ito. Ang mga tao madalas ay may katigasan ang ulo.

“Nang dumating nga si Jesus sa mga sakop ng Cesarea ni Filipo, ay itinanong niya sa kaniyang mga alagad, na sinasabi, Ano baga ang sabi ng mga tao kung sino ang Anak ng tao?”

At kanilang sinabi, Anang ilan, Si Juan Bautista; ang ilan, Si Elias; at ang mga iba, Si Jeremias, o isa sa mga propeta.

Kaniyang sinabi sa kanila, Datapuwa't, ano ang sabi ninyo kung sino ako?

At sumagot si Simon Pedro at sinabi, Ikaw ang Cristo, Ang anak ng Dios na buhay.

At sumagot si Jesus at sa kaniya'y sinabi, Mapalad ka, Simon Bar-Jonas: sapagka't hindi ipinahayag sa iyo ito ng laman at ng dugo, kundi ng aking Ama na nasa langit.

At sinasabi ko naman sa iyo, na ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo ko ang aking iglesia; at ang mga pintuan ng Hades ay hindi magsisipanaig laban sa kaniya.

Ibibigay ko sa iyo ang mga susi ng kaharian ng langit: at anomang iyong talian sa lupa ay tatalian sa langit; at anomang iyong kalagan sa lupa ay kakalagan sa langit.

Nang magkagayo'y ipinagbilin niya sa mga alagad na huwag sabihin kanino man na siya ang Cristo."

Ang mga alagad, na kinakatawan ng tugon ni Pedro, ay alam ang sagot. Malinaw na naunawaan ng mga alagad na si Jesus ay Anak ng Dios Ama; na sila ay dalawang magkahiwalay, magkaiba, at may kani-kaniyang pagkakakilanlan. Nauunawaan nila ang relasyon ng Dios Ama at ni Jesus bilang Anak. Ang namumukod tangi na salaysay na ito ang nag-wasak ng mga maling pananaw ng mga *Unitarians* at *Trinitarians*. Kung mali si Pedro sa kanyang kasagutan, itinama sana ni Jesus si Pedro sa mismong pagkakataong iyon. Disin sana'y sinabi ni Jesus ang ganito:

- Hindi, Pedro. Nagkakamali ka. Ang mga tao ay tama. Ako ay isang tao lamang, isang propetang gaya ni Moises, Isaias at Jeremias.

- Pedro, nagkakamali ka. Ako ay isang anghel na isinugo ng Dios.

Alin man sa dalawang nabanggit na tugon ay akma sa konsepto ng Unitarianismo.

- Pedro, nagkakamali ka. Ako ang Dios mismo. Ako ang Ama at ako ang Anak; Ako lang ang Dios. At naparito ako sa katawang-laman.

Ang sagot na ito ay akma sa mga Trinitarians. Subali't ito rin ay hindi wasto na tugon.

- Bagkus, ang naging tugon ni Jesus kay Pedro ay mababasa natin sa Mateo 16:17. Pinagtibay ni Jesus ang kawastuhan at katotohanan ng pahayag ni Pedro. Binasbasan niya si Pedro para sa kaniyang malalim na pagka-unawa.

Mateo 16:17, "At sumagot si Jesus at sa kaniya'y sinabi, Mapalad ka, Simon Bar-Jonas: sapagka't hindi ipinahayag sa iyo ito ng laman at ng dugo, kundi ng aking Ama na nasa langit."

Paano naunawaan ni Jesus Ang Kanyang relasyon sa Dios Ama?

Sa kabuuan ng kasulatan, sinasabi nga ni Jesus na Siya ang Anak ng Dios. Nanalangin siya sa Dios Ama. Ginagawa niya ang kalooban ng Ama.

Lucas 22:42, "Na sinasabi, Ama, kung ibig mo, ilayo mo sa akin ang sarong ito: gayon ma'y huwag mangyari ang aking kalooban, kundi ang iyo."

Juan 1:14-18, "At nagkatawang-tao ang Salita, at tumahan sa gitna natin (at nakita namin ang kaniyang kaluwalhatian, kaluwalhatian gaya ng sa bugtong ng Ama), na puspos ng biyaya at katotohanan.

Pinatotohanan siya ni Juan, at sumigaw, na nagsasabi, Ito yaong aking sinasabi, Ang pumaparitong nasa hulihan ko ay magiging una sa akin: sapagka't siya'y una sa akin.

Sapagka't sa kaniyang kapuspusan ay nagsitanggap tayong lahat, at biyaya sa biyaya.

Sapagka't ibinigay sa pamamagitan ni Moises ang kautusan; ang biyaya at ang katotohanan ay nagsidating sa pamamagitan ni Jesucristo.

Walang taong nakakita kailan man sa Dios; ang bugtong na Anak, na nasa sinapupunan ng Ama, siya ang nagpakilala sa kanya."

Inilahad niya ang Kanyang sakripisyo sa Ama (Juan 17:1-5).

Ang karagdagang patunay ay nasa Juan 20:17. Pagkatapos ng kanyang pagkabuhay na mag-uli, sinabi ni Jesus na siya ay haharap sa Dios Ama. Pansinin ang sinabi niya kay Maria Magdalena:

Juan 20:17, "Sinabi sa kaniya ni Jesus, Huwag mo akong salingin; sapagka't hindi pa ako nakakaakyat sa Ama, nguni't pumaroon ka sa aking mga kapatid, at sabihin mo sa kanila, Aakyat ako sa aking Ama at inyong Ama, at aking Dios at inyong Dios."

Oo, si Jesus ay may isang Dios at may isang Ama. Walang maaaring maging mas malinaw pa kaysa rito. Ang mga taong ayaw maniwala na si Jesus ay ang Anak ng Dios Ama ay tahasang sinasabi na si Jesus ay sinungaling.

Ang Pagpapatunay Mula sa Ama

Ang pinakatampok na awtoridad hinggil sa katangian o kalikasan ni Cristo—kung Siya man ay Anak ng Dios, o isang simpleng tao, o isang katauhan ng Dios, o kung ang Dios ay isa, dalawa o tatlo—ay ang testimonyang nagmula mismo sa Dios Ama. Kung ang Dios Ama ang tahasang nagsasabi na si Jesus ay Kanyang Anak, at hindi pa rin tayo naniniwala, sa ganito'y

ginagawa nating sinungaling ang Dios Ama. Sa Juan 8:17-18, ay ganito ang pahayag:

“Oo, at sa inyong kautusan ay nasusulat, na ang patotoo ng dalawang tao ay totoo.

Ako ang nagpapatotoo sa akin din, at ang Amang nagsugo sa akin ay nagpapatotoo sa akin.”

Nakatala sa Mateo 3:16-17:

“At nang mabautismuhan si Jesus, pagdaka’y umahon sa tubig: at narito, nabuksan sa kaniya ang mga langit, at nakita niya ang Espiritu ng Dios na bumababang tulad sa isang kalapati, at lumalapag sa kaniya;

At narito, ang isang tinig na mula sa mga langit, na nagsasabi, Ito ang sinisinta kong Anak, na siya kong lubos na kinalulugdan.”

Ang isa pang kuwento ay sa *transfiguration* o pagbabagong-anyo kung saan ang Dios Ama ay nagpatotoo tungkol sa Kanyang Anak, sa Mateo 17:1-9.

“At pagkaraan ng anim na araw, ay isinama ni Jesus si Pedro, at si Santiago, at si Juan na kapatid niya, at sila’y dinalang bukod sa isang mataas na bundok:

At nagbagong-anyo siya sa harap nila; at nagliwanag ang kaniyang mukha na katulad ng araw, at pumuting tulad sa ilaw ang kaniyang mga damit.

At narito, napakita sa kanila si Moises at si Elias na nakikipagusap sa kaniya.

At sumagot si Pedro, at sinabi kay Jesus, Panginoon, mabuti sa atin ang tayo’y dumito: kung ibig mo, ay gagawa ako rito ng tatlong tabernakulo; isa ang sa iyo, at isa ang kay Moises, at isa ang kay Elias.

Samantalang nagsasalita pa siya, narito, ang isang maningning na alapaap ay lumilim sa kanila: at narito, ang isang tinig na mula sa alapaap, na nagsasabi, Ito ang sinisinta kong Anak, na siya kong kinalulugdan; siya ang inyong pakinggan.

At nang marinig ito ng mga alagad, ay nasubasub sila, at lubhang natakot.

At lumapit si Jesus at sila'y tinapik, at sinabi, Magbangon kayo, at huwag kayong mangatakot.

At sa paglingap ng kanilang mga mata, ay wala silang nakitang sinoman, kundi si Jesus lamang.

At habang sila'y nagsisibaba mula sa bundok, ay iniutos sa kanila ni Jesus, na nagsasabi, Huwag ninyong sabihin kanino mang tao ang pangitain, hanggang sa ang Anak ng tao ay ibangon sa mga patay."

Muli, ang sinumang hindi naniniwala sa testimonya ng Dios Ama ay nasa panganib ng pagtawag sa Dios na isang sinungaling! Mayroon ba sa atin na magla-lakas-loob na hamunin ang patotoo buhat sa Dios Ama? Si Juan ay nagsabi na ang Dios ay totoo; ang sinungaling ay ang tumatanggi na si Jesus ang Cristo.

1 Juan 2:22 *"Sino ang sinungaling kundi ang tumatanggi na si Jesus ay siyang Cristo? Ito ang anticristo, sa makatuwid ay ang tumatanggi sa Ama at sa Anak."*

Ang Maliwanag na Pagpapakilala kay Jesus

Kahit noong panahon ng mga Apostol nagkaroon ng mga malaking pagtatalo tungkol sa kalikasan ni Cristo. Kinailangang sumagot ang mga Apostol sa mga kontrobersiya noon. Ang buong Hebreo 1 ay pagtugon tungkol sa mga katangian at kalikasan ni Cristo.

“Ang Dios, na nagsalita nang unang panahon sa ating mga magulang sa iba’t ibang panahon at sa iba’t ibang paraan sa pamamagitan ng mga propeta,

Ay nagsalita sa atin sa mga huling araw na ito sa pamamagitan, ng kaniyang Anak, na siyang itinalaga na tagapagmana ng lahat ng mga bagay, na sa pamamagitan naman niya’y ginawa ang sanglibutan;

Palibhasa’y siyang sinag ng kaniyang kaluwalhatian, at tunay na larawan ng kaniyang pagka-Dios, at umaalalay ng lahat ng mga bagay sa pamamagitan ng salita ng kaniyang kapangyarihan, nang kaniyang magawa na ang paglilinis ng mga kasalanan, ay lumuklok sa kanan ng Karangalan sa kaitaasan;

Na naging lalong mabuti kay sa mga anghel, palibhasa’y nagmana ng lalong marilag na pangalan kay sa kanila.

Sapagka’t kanino nga sa mga anghel sinabi niya kailan man, Ikaw ay aking Anak, Ikaw ay aking ipinanganak ngayon? at muli, Ako’y magiging kaniyang Ama, At siya’y magiging aking Anak?

At muli nang dinadala niya ang panganay sa sangkalupaan ay sinasabi, At sambahin siya ng lahat ng mga anghel ng Dios.

At sinasabi niya tungkol sa mga anghel, Yaong ginagawang mga anghel niya ang mga hangin, At ang kaniyang mga ministro ay ningas ng apoy:

Nguni’t tungkol sa Anak ay sinasabi, Ang iyong luklukan, Oh Dios, ay magpakailan man; At ang setro ng katuwiran ay siyang setro ng iyong kaharian.

Inibig mo ang katuwiran, at kinapootan mo ang kasamaan; Kaya’t ang Dios, ang Dios mo, ay nagbuhos sa inyo, Ng langis ng kasayahang higit sa iyong mga

kasamahan.

At, Ikaw, Panginoon, nang pasimula'y inilagay mo ang kinasasaligan ng lupa, At ang mga langit ay mga gawa ng iyong mga kamay:

Sila'y mapapahamak; datapuwa't ikaw ay nananatili: At silang lahat ay malulumang gaya ng isang kasuutan;

At gaya ng isang balabal sila'y iyong bibilutin, At sila'y mapapalitang gaya ng kasuutan: Nguni't ikaw ay ikaw rin, At ang iyong mga taon ay di matatapos.

Nguni't kanino sa mga anghel sinabi niya kailan man, Lumuklok ka sa aking kanan, Hanggang sa ang iyong mga kaatway ay gazwin kong tungtungan ng iyong mga paa?

Hindi baga silang lahat ay mga espiritung tagapaglingkod, na mga sinugo upang magsipaglingkod sa kapakinabangan ng magmamana ng kaligtasan?"

Malinaw na sinasabi rito na si Jesus ay hindi isang tao lamang, at hindi rin siya isang anghel. Si Jesus ay Anak ng Dios na siya ring lumikha ng lahat ng bagay. Ito ang katotohanan tungkol sa likas na katangian ni Cristo. Ang katotohanang ito ay sapat na para iwaksi ang lahat ng pagtatalo at agam-agam ng bawat nananampalataya.

Buod

Si Jesus ay ang Cristo, ang Anak ng Dios na buhay! Anumang bagay na sumasalungat sa mga paniniwalang ito ay mali ayon sa Apostol Juan. Ang maniwala na si Jesus ay ang Cristo, ay dapat ring maniwala na siya ay sinugo ng Dios Ama.

Ang tanong na “sino si Jesucristo?” ay hindi isang bagong tanong. Ito ay tinanong na noon pa ni Jesus sa kanyang mga alagad, halos may 2,000 taon na ang nakalilipas. Ang tangi at nag-iisang tugon dito ay—si Jesus ang Cristo—ang Anak ng Dios na

nagkatawang-tao!

Ngayon ay higit ninyong nakilala kung sino si Jesus na Cristo; Siya nga ay tunay na Anak ng Diyos na siya rin ang may likha ng lahat ng bagay. Siya ay sinugo ng kaniyang Ama upang iligtas ang sangkatauhan. Ang sinumang maniwala sa Anak ay naniniwala din naman sa Ama. Ang katotohanang ito ay siyang kaalaman na magliligtas sa atin.

Bilang pagtatapos, si Juan ay nagpapatotoo, isang napakagandang paglalahad ng tunay na pananampalataya—ang nakapagliligtas na pananampalataya:

*“Sinumang sumasampalataya na **si Jesus ang Cristo ay ipinanganak ng Dios**, at ang lahat ng mga taong **mahal ang Ama ay mahal pati na rin ang kanyang anak.**”*

(1 Juan 5:1)

Ito nga ay isang napakalakas na pahayag! Si Jesus ay ang Cristo = ang pinahiran = ang anak ng Dios na buhay! Ang bawat taong naniniwala ay ipinanganak ng Dios—na ang ibig sabihin ay sa kanya ay nananahan ang banal na Espiritu.

Dito’y ating nakikilala na tayo’y nagsisiibig sa mga anak ng Dios, pagka tayo’y nagsisiibig sa Dios at tinutupad natin ang kaniyang mga utos.

Sapagka’t ito ang pagibig sa Dios, na ating tuparin ang kaniyang mga utos: at ang kaniyang mga utos ay hindi mabibigat.

Sapagka’t ang sinomang ipinanganak ng Dios ay dumadaig sa sanglibutan: at ito ang pagtatagumpay na dumadaig sa sanglibutan, sa makaturwid ay ang ating pananampalataya.

At sino ang dumadaig sa sanglibutan, kundi yaong nananampalatayang si Jesus ay anak ng Dios?

Ito yaong naparito sa pamamagitan ng tubig at dugo, sa makatuwid ay si Jesucristo; hindi sa tubig lamang, kundi sa tubig at sa dugo.

At ang Espiritu ang nagpapatotoo, sapagka't ang Espiritu ay katotohanan.

Sapagka't may tatlong nagpapatotoo, ang Espiritu, ang tubig, at ang dugo: at ang tatlo ay nagkakaisa.

Kung tinatanggap natin ang patotoo ng mga tao, ay lalong dakila ang patotoo ng Dios, sapagka't ito ang patotoo ng Dios: sapagka't ito papatotoo tungkol sa kaniyang Anak.

Ang nananampalataya sa Anak ng Dios ay may patotoo sa kaniya: ang hindi nananampalataya sa Dios ay ginagawang isang sinungaling ang Dios: sapagka't hindi sumampalataya sa patotoo na ibinigay ng Dios tungkol sa kaniyang Anak.

At ito ang patotoo, na tayo'y binigyan ng Dios ng buhay na walang hanggan, at ang buhay na ito ay nasa kaniyang Anak.

Ang kinaroroonan ng Anak ay kinaroroonan ng buhay; ang hindi kinaroroonan ng Anak ng Dios ay hindi kinaroroonan ng buhay.

Ang mga bagay na ito ay isinulat ko sa inyo, upang inyong maalaman na kayo'y mayroong buhay na walang hanggan, sa makatuwid ay sa inyong nananampalataya sa pangalan ng Anak ng Dios.

At ito ang nasa ating pagkakatiwala sa kaniya, na kung tayo'y humingi ng anomang bagay na ayon sa kaniyang kalooban, ay dinidinig tayo niya:

At kung ating nalalaman na tayo'y dinidinig niya sa anomang ating hingin, ay nalalaman natin na nasa atin ang mga kahilingang sa kaniya'y ating hiningi.

Kung makita ng sinoman na ang kaniyang kapatid ay nagkakasala ng kasalanang hindi ikamamatay, ay idalangin siya at bibigyan siya ng Dios ng buhay, na ukol sa mga nagkakasala nang hindi ikamamatay. May kasalanang ikamamatay: hindi tungkol dito ang sinasabi ko na idalangin niya.

Lahat ng kalikuan ay kasalanan: at may kasalanang hindi ikamamatay.

Nalalaman natin na ang sinomang ipinanganak ng Dios ay hindi nagkakasala; datapuwa't ang ipinanganak ng Dios ay nagiingat sa kaniyang sarili, at hindi siya ginagalaw ng masama.

Nalalaman natin na tayo'y sa Dios at ang buong sanglibutan ay nakahilig sa masama.

At nalalaman natin na naparito ang Anak ng Dios, at tayo'y binigyan ng pagkaunawa, upang ating makilala siya na totoo, at tayo'y nasa kaniya na totoo, sa makatuwid ay sa kaniyang Anak na si Jesucristo. Ito ang tunay na Dios, at ang buhay na walang hanggan." (1 Juan 5:2-20)

Oo, si Jesus ay ang Cristo—ang anak ng buhay na Dios—siya ang lumikha ng lahat ng bagay. Isinugo siya ng Ama. Dumating siya at siya ay namatay para sa atin. Sa ngayon, siya ay nakaupo sa kanang kamay ng Kataas-taasan sa Langit. At Siya ay darating na muli.

Ang nakakapagliligtas na pananampalataya ay ang maniwala sa Dios na Ama, na ipinadala Niya ang kanyang Anak at naparito sa laman upang tayo ay iligtas. At, kami po sa "*Church of God International*" ay lubos na naniniwala sa Ama at sa kanyang anak na si Jesucristo.

Ang lahat ng kaluwalhatian at kapangyarihan ay sumainyo, walang hanggang Ama, sa pamamagitan ng Inyong Anak na si Jesucristo.

The Church of God International
Meeting Places

Manila

6th Floor, Peaksun Bldg.
Princeton St.,
Mandaluyong City
Saturdays, 2 p.m.

Naga

New Crown Hotel
Elias Angeles cor.
P. Burgos St.,
2nd-5th Saturdays
10 a.m.

Alabang

Crimson Hotel,
Entrata Urban Complex,
Filinvest City, 2609 Civic Dr.,
Muntinlupa City,
Saturdays, 2 p.m.

Cebu

Rajah Park Hotel
Fuente Osmeña Circle
Cebu City
1st Saturday of the Month
1 p.m. - 4 p.m.

Malolos

Hiyas ng Bulacan
Convention Center
Malolos City
Saturdays, 2 p.m.

Mindanao

Alzon's Palace, Maranding
Lala, Lanao del Norte
Saturdays 10 a.m.

Iloilo City

Iloilo Midtown Hotel
Yulo St.
Saturdays, 2 p.m.

Brgy. Kiara, Don Carlos,
Bukidnon

1st & 3rd Saturday of the Month
10 a.m.

